**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 15, 83-95




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Parallel achievement division bilang kolaboratibong dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan at pagpapayaman ng talasalitaan

Ortiz, Ma. Jeanella L. ✉
*Lalig National High School, Philippines (majeanella.ortiz@deped.gov.ph)*
Carada, Imelda G.
*Laguna State Polytechnic University-San Pablo City Campus, Philippines (imelda.carada@lspu.edu.ph)*

**Received**: 19 August 2024 **Revised**: 25 September 2024 **Accepted**: 1 October 2024
**Available Online**: 1 October 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24823

***Abstract***

Sa proseso ng kolaboratibong dulog na ginamit, tinutulungan nito ang guro na maipaunawa ang dapat matutuhan ng mga mag-aaral na lilinang sa pagpapayaman ng talasalitaan. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang matukoy ang antas ng pagtanggap sa parallel achievement division bilang kolaboratibong dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan at malaman ang epekto nito sa pagpapayaman ng talasalitaan na ginamitan ng iba't ibang proseso tulad ng pamamahala sa silid-aralan, paglalahad ng aralin, pagsasanay, paralelong tagisan, pangkatang pagtuturo, paglalahat at mga pangwakas na gawain. Ang mga tagasagot ay mula sa ikasampung baitang ng Pambansang Mataas na Paaralan sa Quezon na binubuo ng walumpong (80) mag-aaral mula sa ikasampung baitang na nahahati sa kontrolado at eksperimental na grupo. Ginamit ang talatanungan para sa antas ng pagtanggap sa nasabing dulog at mga pagsusulit para sa pauna at panapos na pagsusulit para sa pagpapayaman ng talasalitaan. Natuklasan sa pag-aaral na ito na naging lubos na katanggap-tanggap sa mga mag-aaral ang dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan at pagpapayaman ng talasallitaan. Matapos itong gamitin ay umabot sa sukat na "Napakahusay" ang deskripsyon sa pagpapayaman ng talasalitaan. Batay sa naging resulta, mas nakatulong ang kolaboratibong dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan sa pagpapayaman ng talasalitaan kumpara sa paggamit ng guro ng lecture-method para sa mga kontroladong grupo ng tagasagot. Kaya't iminumungkahi ng mananaliksik na magsagawa ng mas malalim na pag-aaral pa upang pagyamanin ang resulta ng pag-aaral na ito sa iba pang pagkakataon gamit ang teknolohiya upang mapatunayang lubos ang bisa nito sa kasalukuyang panahon.

***Keywords:*** parallel achievement division, kolaboratibong dulog, akdang pampanitikan, pagpapayaman ng talasalitaan

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Parallel achievement division bilang kolaboratibong dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan at pagpapayaman ng talasalitaan

## 1. Panimula

Habang ang panahon ay lumilipas, ang pagbabago ng kalakaran sa larangan ng edukasyon ay sumasabay. Sa usaping pagkatuto ng mga mag-aaral, nararapat lamang isaalang-alang ang dibersidad at indibidwal nilang kakayahan gayundin ang mga paraan at lapit na magsisilbing instrumento upang malinang ang akademikong pagganap, abilidad at kasanayang komunikatibo ng sinasabing mag-aaral at pag-asa ng bayan. Ang mga guro ay nagtuturo na kung saan ito ay isang sining na maituturing dahil sa mga malililkhaing paraang naiisip at isinasagawa ng guro upang mapukaw ang kawilihan at interes ng kanyang mga kliyente. Kung ang isinagawang pagtuturo ay nagreresulta sa nosyon na ang bata ay nagtatanong, nag-aanalisa, mapanuring nag-iisip, nagbabalanse ng mga bagay at nagdedesisyon sa loob ng isang sitwasyon, samakatuwid ang pagtuturo ng guro ay mabisa at produktibo. Ang guro ay dapat magsimula kung saan naroroon ang kalagayan at kakayahan ng kanyang mga kliyente, batid ang kanilang kwento ng buhay at alam kung paano sila pakikitunguhan upang ang mga paraang ilalapat sa pagtuturo ay maging angkop sa kanila sa anumang aspeto. Sa kabila ng pagkakaiba-iba ng katangian, potensyal at pagkato ng bawat mag-aaral, ang interaksyon o pakikihalubilo nila sa kapwa ay dapat ding tingnan at maisaalang- alang sapagkat sa pagpasok ng ika-21 siglo sa mundo ng edukasyon, ang tradisyunal na paraang tulad ng guro lamang ang kikilos sa loob ng silid-aralan ay bahagi na lamang ng nakaraan subalit nagsisislbing padron sa kasalukuyan upang pagsumikapang ang mga mag-aaral ay marapat lamang na tulungan ang kanilang mga guro sa pagtamo ng pagkatuto at matagumpay na mabatid ang paksang aralin.

## 2. Citation

Isinasaad sa DepEd Memorandum Blg. 1117 s. 2013, pinangungunahan ng Kagawaran ng Edukasyon ang restruksyon ng kurikulum sa batayang edukasyon gamit ang Pambansang Seminar-Workshop sa Epektibo at Malikhaing Estratehiya ng Pagtuturo para sa mga guro ng K to 12 upang mas lalong maging inobatibo sa interdisiplinaryo ang mga guro sa kanilang ginagamit na estratehiya sa pagtuturo. Inilalahad naman sa Regional Memorandum no. 11 s. 2015 ang paggamit ng limang dulog pedagohikal o ang 2c 2i 1r na binibigyang-diin sa Republic Act 10533 (EBEC) na dapat itong gamitin upang ang lahat ng guro ay matulungang mapamahalaan ang pagkatuto at pagtuturong nakasentro sa mga mag-aaral at para malinang ang mahusay nilang na pagganap sa anumang pagtataya sa loob ng klase. Kabilang ang kolaboratibong dulog sa pedagohiyang nabanggit.

Nang dahil sa pandemya, hamon sa mga guro ngayon ang paggamit ng mga estratehiyang makakapaghasa sa mga mag-aaral sa mga kolaboratibong gawain. Kailangang isaalang-alang ang mga pamantayang pangkalusugan subalit hindi ito ang magiging hadlang upang ihinto ang interaksyon at kooperasyong dapat buuin ng mga mag-aaral dahil sa panahon ngayon, sa usaping pag-aaral, ang pagtugon.

***Paglalahad ng Suliranin -*** Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa *parallel achievement division* bilang kolaboratibong dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan at pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang ng Filipino mula sa Lalig National High School sa taong panuruan 2022-2023. Ang sumusunod na mga tanong ay dapat masagot:

- Ano ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa *parallel achievement division* bilang kolaboratibong dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan?
- Ano ang iskor ng mga tagasagot na nasa kontroladong grupo sa pauna at panapos na pagsusulit sa pagpapayaman ng talasalitaan?
- Ano ang iskor ng mga tagasagot na nasa eksperimental na grupo sa pauna at panapos na pagsusulit

bago at pagkatapos gamitin ang *parallel achievement division* bilang kolaboratibong dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan at pagpapayaman ng talasalitaan?

- May makabuluhang pagkakaiba ba ang iskor sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga tagasagot na nasa kontroladong grupo batay sa pauna at panapos na pagsusulit?
- May makabuluhang pagkakaiba ba ang iskor sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga tagasagot na nasa eksperimental na grupo batay sa pauna at panapos na pagsusulit bago at pagkatapos gamitin ang *parallel achievement division* bilang kolaboratibong dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan?
- May makabuluhang pagkakaiba ba ang iskor ng mga tagasagot na nasa kontrolado at eksperimental na grupo sa pagitan ng pauna at panapos na pagsusulit sa pagpapayaman ng talasalitaan?

***Disenyo ng Pag-aaral -*** Ang mananaliksik ay gumamit ng deskriptibong eksperimental na pag-aaral. Isang pamamaraan upang makuha nang madali ang resulta ng datos at makita ang epekto nito sa tiyak na baryabol. Naging angkop sa pag-aaral na ito ang disenyong nabanggit upang mabatid ang antas ng pagtanggap sa *parallel achievement division* bilang kolaboratibong dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan at pagpapayaman ng talasalitaan. Batay kina San Juan et al. (2019), ang pananaliksik na deskriptibo o palarawang paglalahad ay pumapatungkol sa katangian ng isang sitwasyong pinag-aaralan. Ang eksperimental na pananaliksik ay paggamit sa malayang baryabol sa kaugnay na baryabol at inaanalisa ang epekto nito sa isa o marami pang malayang baryabol (Dianggal, 2017). Kung kaya't sa pananaliksik na ito ay nailarawan, nasuri, at nabigyang patunay ang kolaboratibong dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan at pagpapayaman ng talasalitaan.ang mga datos sa pagpapayaman ng talasalitaan.

Ito ang napiling disenyo ng mananaliksik upang matukoy ang kabisaan ng paggamit ng *parallel achievement division* bilang kolaboratibong dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan sa asignaturang Filipino upang malinang ang kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral sa baitang sampu ng Lalig National High School. Ang mananaliksik ay hihingiin ang tugon sa pagtanggap sa nasabing dulog sa pagtuturo sa mga mag-aaral na kasangkot upang makita ang kalakasan at kahinaan nito.

***Mga Tagasagot -*** Ang Mataas na Paaralan ng Lalig ang lokal ng pag-aaral na matatagpuan sa Sitio Bakahan, Barangay Lalig Tiaong, Quezon na kinabibilangang paaralan ng 161 na mag-aaral sa ikasampung baitang at kumuha ang gurong mananaliksik ng 80 kasangkot sa pag-aaral na ito na nagmula naman sa pangkat Discernment at Integrity, ang dalawang pangkat lamang na ito ang mga pangkat na tinuturuan ng gurong mananaliksik mula sa apat na pangkat ng ikasampung baitang sa nasabing paaralan. Ang pangkat *Discernment* ang kontroladong grupo at pangkat *Integrity* ang nasa eksperimental na grupo.

Pinili ang mga tagasagot sa isinagawang pag-aaral gamit ang *"cluster sampling"* dahil ang lahat ng mag-aaral sa dalawang pangkat na tinuturuan ng mananaliksik sa ikasampung baitang ay kabilang dito at ang mananaliksik ang pumili kung aling pangkat ang naging kontroladong grupo at eksperimental na grupo sapagkat pareho ang katangian at bilang ng populasyon ng dalawang grupo gayundin ay batid ng gurong mananaliksik ang kakayahan ng nasabing mga tagasagot. Ginamit ang paraang ito ng mananaliksik upang magkaroon ng pantay na bilang at distribusyon ng tagasagot sa bawat pangkat na tinuturuan ng mananaliksik. Ayon kay Simkus (2023), ang *cluster sampling* ay isang paraan ng *probability sampling* na kung saan ay hinati ang dalawang malaking populasyon sa maliit na populasyon, ito ay ang tinatawag na *clusters*. Ito ang naging kasunduang tiyak at ispesipikong grupo mula sa kabuuang populasyon batay sa layunin ng pananaliksik, desisyon ng mananaliksik at pagsasaalang-alang na may kakayahang makatugon ang mga tagasagot na napili sa isasagawang pag-aaral.

***Instrumentasyon -*** Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito ay ang mga pauna at panapos na pagsusulit na binubuo ng sampung aytem sa bawat paksang-aralin na susukatin ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pagpapayaman ng talasalitaan batay sa denotasyon konotasyon at idyomatikong pagpapakahulugan. Ito ay pagsusulit na maramihang pamimilian na may tatlong dibisyon dahil apat ang tanong para sa denotasyon, tatlo

naman para sa konotasyon at idyomatikong pagpapahayag batay sa bawat akdang pampanitikan.

Ang talatanungan o *printed survey questionnaires* ay ginamit sa pag-aaral na ito upang makalikom ng impormasyon. Ito ay iniukol sa dalawang pangkat ng mag-aaral sa Grade 10 ng Lalig National High School. Ang binuong isandaan at anim (106) na katanungang nasa talatanungan at pagsusulit ay sumailalim sa pilot testing upang matiyak ang *reliability* nito at kung mayroong *consistency* ang ginawang talatanungan. May ilang mga tanong na binago at binawasan gamit ang *Cronbach Alpha*.

Sa sinabing *pilot testing* na ginamitan ng *Cronbach Alpha*, ang unang baryabol na pamamahala sa silid-aralan ay nakakuha ng 0.624 at katanggap-tangap na interpretasyon, sa ikalawang baryabol naman ay ang paglalahad ng aralin at nagkaroon ng 0.774 at ang ikatlong baryabol namang pagsasanay ay nagkaroon ng 0.712 na kapwa *good reliability*. Sa paralelong tagisan ay nakakuha ito ng 0.813 interpretasyong *very good reliability* na pinanatili ang ikatlo, ikalima, ikaanim, ikapito at ikawalong pahayag. Para naman sa pangkatang pagtuturo na 0.846 ang cronbach alpha, paglalahat na 0.854 at mga pangwakas na gawain na mayroong 0.804 at na baryabol ay nakakuha ang mga ito ng interpretasyong *very good reliability*. Ang paunang pagsusulit ay may resultang 0.92 at ang panapos na pagsusulit ay nagtamo ng 0.97 na resulta. Ito ay kapwa ginamitan ng istatistika na *Kuder-Richardson*.

Ang unang bahagi ay ang talatanungan na mayroong limampu't anim (56) na tanong tungkol sa antas ng pagtanggap ng mga tagasagot na nasa eksperimental na grupo sa *parallel achievement division* bilang kolaboratibong dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan batay sa pamamahala sa silid-aralan, paglalahad ng aralin, pagsasanay, paralelong tagisan, pangkatang pagtuturo, paglalahat at mga pangwakas na gawain.

Ang isa pang bahagi naman ay ang pauna at panapos na pagtataya na may limampung (50) katanungan tungkol sa pagpapayaman ng talasalitaan batay sa denotasyon, konotasyon at idyomatikong pagpapahayag para sa kontroladong grupo at eksperimental na grupong ginamitan ng *parallel achievement division*.

Sa pamamagitan ng talatanungan ay nabatid ang antas ng pagtanggap sa *parallel achievement division* bilang kolaboratibong dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan sa pagsagot batay sa (4-Lubos na Katanggap-tanggap; 3- Katanggap-tanggap; 2- Di- Katanggap-tanggap; at 1-Lubos na Di Katanggap-tanggap) na naging daan sa pagbibigay ng tiyak na paglalarawan para kumatawan sa bawat baryabol na nakabatay sa *parallel achievement division* bilang kolaboratibong dulog sa pagtuturo.

Gayong sa pagpapayaman ng talasalitaan, naghanda ng pauna at panapos na pagsusulit na tinaya ang denotasyon, konotasyon at idyomatikong pahayag. Kapwa sumailalim sa pauna at panapos na pagsusulit ang kontrolado at eksperimental na grupo.

Bumuo rin ng *lesson exemplar* na magkahiwalay para sa kontroladong grupo at eksperimental na grupo. Ito ay kinapalooban ng limang aralin na tinapos sa loob ng halos apat na linggo.

Ang mga talatanungan ay tinipon at ipinamahagi at ang mga sagot ay itinala at nilapatan ng angkop na istatistikong pamamaraan para masagot ang tiyak na tanong ng pananaliksik na ito. Ang resulta sa nasabing pagsusulit ay kinalap din at binigyan ng pagpapakahulugan o interpretasyon sa tulong ng kanyang tagapayo at lupon ng mga tagasauri kung saan ay nabuo ang konklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral.

### 3. Tables and Figures

***Istatistikal na Pagsusuri ng mga Datos -*** Ang mananaliksik ay gumamit ng iba't-ibang istatistikal na panukat upang matiyak na ang mga layunin ng pananaliksik ay masagot sa kwantitatibong paraan. Tinukoy ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa *parallel achievement division* bilang kolaboratbong dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan batay sa mga baryabol nito gamit ang *mean* at *standard deviation*. Tinukoy ang iskor sa pauna at panapos na pagsusulit ng mga tagasagot na nasa kontrolado at eksperimental na grupo batay sa pagpapayaman ng talasalitaan kaugnay ang denotasyon, konotasyon at idyomatikong pagpapahayag gamit ang *frequency* at *percentage*.

Ang *paired-sample t-test* ang ginamit ng mananaliksik upang makita kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng iskor sa pauna at panapos na pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na grupong siyang ginamitan lamang ng *parallel achievement division* hinggil sa pagpapayaman ng talasalitaan. Samantala, *independent t-test* naman ang ginamit ng mananaliksik upang makita kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng iskor sa panapos na pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na grupong siyang ginamitan lamang ng *parallel achievement division* hinggil sa pagpapayaman ng talasalitaan.

**Talahanayan 1**
*Antas ng Pagtanggap sa Parallel Achievement Division Batay sa Pamamahala sa Silid-Aralan*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| 1. Natukoy ko ang mga nararapat asahan sa klase. | 3.70 | 0.65 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 2. Gumamit ang guro ng gawaing pagganyak sa klase. | 3.80 | 0.46 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 3. Nagkaroon ako ng positibong saloobin sa loob ng silid-aralan. | 3.83 | 0.45 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 4. Nagkaroon ako ng mahusay na pakikitungo sa mga kapwa ko mag-aaral. | 3.85 | 0.36 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 5. Ako ay naging mabilis sa pag-iisip ng solusyon sa isang suliranin o problema. | 3.65 | 0.48 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 6. Sa tulong ng guro, nakokontrol ang maling pag-iisip at ugnayang hindi akma sa sitwasyon sa klase. | 3.90 | 0.30 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 7. Napanatili ko ang aking disiplina sa kalinisan at sa buong klase. | 3.50 | 0.51 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| **Kabuuan** | 3.75 | 0.27 | ***Lubos na Katanggap-tanggap*** |

**Pananda**: 3.50-4.00 Lubos na Katangggap-tanggap, 2.50-3.49 Katanggap-tanggap, 1.50-2.49 Di-Katanggap -tanggap, 1.00-1.49 Lubos na Di Katanggap-tanggap

Tunay na isinusulong kahit ng kurikulum ngayon na K-12 ang *learner-centered approach* na nakatuon sa optimum development ng mga batang Pilipino ayon sa artikulong *Learner- Centered Education* mula sa *Philippine Basic Education* noong taong 2015 na nakaayon na rin sa *K-12 Toolkit: Reference Guide for Teacher Educators, School Administrators, and Teachers*, 2012. Ngunit, kailangan pa rin ang presensya ng guro upang mapangasiwaan nang may wastong gabay at patnubay ang klase.

**Talahanayan 2**
*Antas ng Pagtanggap sa Parallel Achievement Division Batay sa Paglalahad ng Aralin*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| 1. Naiuugnay sa tunay na sitwasyon ang mga paksang-aralin. | 3.75 | 0.44 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 2. Naiuugnay sa iba pang asignatura ang mga paksang araling tinalakay sa aming klase. | 3.70 | 0.46 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 3. Ang akdang panitikan ay mahusay na tinalakay sa klase. | 3.98 | 0.16 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 4. Nakaramdam ako ng pananabik sa paksang tinalakay sa klase. | 3.80 | 0.41 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 5. Nagkaroon ako ng mahusay na interaksyon sa aking mga kamag-aaral. | 3.63 | 0.49 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 6. Nakagaganyak ang mga aralin. | 3.80 | 0.41 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 7. Nagpakita ng isahan at maramihang gawain o pagsasanay sa klase. | 3.80 | 0.46 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| **Kabuuan** | 3.78 | 0.26 | ***Lubos na Katanggap-tanggap*** |

**Pananda**: 3.50-4.00 Lubos na Katangggap-tanggap, 2.50-3.49 Katanggap-tanggap, 1.50-2.49 Di-Katanggap -tanggap, 1.00-1.49 Lubos na Di Katanggap-tanggap

Naging lubos na katanggap-tanggap naman ang kinalabasang deskripsyon ng lahat ng pahayag sa indikeytor na paglalahad ng aralin. Ang naging kabuuang mean ay 3.78 na may 0.26 na SD at nagsasaad na naging lubos na katanggap-tanggap sa mga tagasagot ang ikalawang indikeytor. Sa bahaging ito, nakikita ang kalakasan at kahinaan ng paksang itinuturo ng mga guro sa kanyang mag-aaral kung kaya't pinagbubuti ng bawat guro ang pagtalakay ng kanyang aralin sa mga mag-aaral.

Batay sa pananaliksik ni Garcia (2018), ang pag-aaral at pagtalakay ng akdang panitikan ay hindi lamang may layuning makagising ng damdamin ng mga mambabasa batay sa kanilang paniniwala.

**Talahanayan 3**
*Antas ng Pagtanggap sa Parallel Achievement Division Batay sa Pagsasanay*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| 1. Napaunlad ang aking kasanayan sa mapanuring pag-iisip. | 3.80 | 0.41 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 2. Nagkaroon ako ng kalayaang pumili at magdesisyon sa mga gawain o pagsasanay sa klase. | 3.90 | 0.30 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 3. Nahubog ang kasanayan at kakayahan ko bilang isang mag-aaral. | 3.85 | 0.36 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 4. Nagamit ko ang aking kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat para matamo ang pangunahing kaalamang aking magagamit. | 3.93 | 0.27 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 5. Naiugnay ang asignatura at ginawang awtput sa pagpapahayag ng aking personal na naiisip. | 3.75 | 0.49 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 6. Nabigyang kamalayan ang aking kakayahan upang malibot ang katotohanan ng buhay. | 3.80 | 0.46 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 7. Nakatanggap ako ng suporta sa isa-isa o maramihan mang interaksyon kasama ang aking guro sa mga gawaing pansilid-aralan. | 3.90 | 0.30 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| **Kabuuan** | 3.85 | 0.27 | ***Lubos na Katanggap-tanggap*** |

**Pananda**: 3.50-4.00 Lubos na Katangggap-tanggap, 2.50-3.49 Katanggap-tanggap, 1.50-2.49 Di-Katanggap -tanggap, 1.00-1.49 Lubos na Di Katanggap-tanggap

Lubos ang pagsang-ayon ng mga tagasagot na ang pagsasanay o mga gawaing pampagkatuto ay may malaking ginagampanan sa pagpapalalim ng aralin. Layunin nitong malinang sa mga mag-aaral ang iba't-ibang klase ng kakayahan na may kaugnayan sa tiyak na kasanayan at mapanuring pag-iisip. Marapat na nakatuon ang mga pagsasanay sa puso, isipan at buong pagkatao ng mga mag-aaral upang maging handa sa hamon ng totoong buhay.

Kung kaya't sa pag-aaral na isinagawa ni Manalus (2021) binanggit niyang ang makrong kasanayang pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat maging ang panonood na rin ay nakatutulong sa patuloy na paglinang sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na may kaugnayan sa pangangailangan ng mag-aaral sa pagtamo ng pangunahing kaalaman.

**Talahanayan 4**
*Antas ng Pagtanggap sa Parallel Achievement Division Batay sa Paralelong Tagisan*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| 1. Nakakilos ako sa naganap na tagisan nang may gabay at patnubay ng aking guro. | 3.78 | 0.48 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 2. Nagkaroon ako ng positibong pakikipag-ugnayan sa aking guro at mga kaklase sa tagisang naganap. | 3.75 | 0.49 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 3. Isa ako sa nakatanggap ng pantay-pantay na suporta mula sa kolaboratibong modelo ng ginamit ng aking guro sa aming naganap na tagisan sa klase. | 3.75 | 0.44 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 4. Naging masigasig ako at nagkaroon ng pagpapahalaga sa aspektong akademiko. | 3.78 | 0.42 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 5. Nagkaroon ng paglagong kolaboratibo, naging malikhain at kinaya ko ang paglutas ng isang suliranin. | 3.75 | 0.44 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| **Kabuuan** | 3.76 | 0.33 | ***Lubos na Katanggap-tanggap*** |

**Pananda**: 3.50-4.00 Lubos na Katangggap-tanggap, 2.50-3.49 Katanggap-tanggap, 1.50-2.49 Di-Katanggap -tanggap, 1.00-1.49 Lubos na Di Katanggap-tanggap

Ang pagkilos ng mga mag-aaral nang may gabay at patnubay ng isang guro gayundin ang pagpapahalaga nila sa akademikong bagay ay isang indikasyon na makatutulong sa kanilang mga sarili pagdating sa pagkatuto upang ang kanilang gawain sa loob ng silid-aralan, indibidwal o kolaboratibo man, pagsasanay o tagisan man ay makapagbigay-daan sa kanila upang maging *independent learners*.

Sa pag-aaral naman ni Deng et.al (2022), maraming pantay na gawain ang sinusuri sa isang estratehiyang pampagtuturo lalo na at may kaugnayan sa tagisan na mayroong tinatawag na contest designers, ito ay ang mga

gurong gumagabay at pumapatnubay sa contestants na tinatawag o mga mag-aaral.

**Talahanayan 5**
*Antas ng Pagtanggap sa Parallel Achievement Division Batay sa Pangkatang Pagtuturo*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| 1. Nakabuo ako ng mataas na lebel ng pag-unawa na katanggap-tanggap sa lahat ng kasapi ng aking pangkat. | 3.75 | 0.54 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 2. Ginamit ang aking kolektibong kaalaman at may integrasyon ng karanasan. | 3.70 | 0.46 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 3. Naipahayag ko ang aking mga ideya at napahalagahan ang mga gawain sa klase. | 3.75 | 0.44 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 4. Nagkaroon ako ng pakikipag-ugnayan sa mga kamag-aaral at *learning leaders*. | 3.85 | 0.36 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 5. Nagamit ko ang aking kasanayan sa angkop na sitwasyon. | 3.73 | 0.45 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 6. Isa ako sa nakapagbigay ng solusyon sa suliraning kinaharap ng pangkat hinggil sa paksa at gawain sa pamamagitan ng pagpapalalim ng kaalaman sa paligid, pagkilos at responsibilidad. | 3.80 | 0.41 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 7. Ako ay nakapagnilay tungkol sa aking mga karanasang pampagkatuto gamit ang interaksyong nabuo sa aming pangkat. | 3.78 | 0.42 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| **Kabuuan** | 3.76 | 0.29 | ***Lubos na Katanggap-tanggap*** |

**Pananda**: 3.50-4.00 Lubos na Katangggap-tanggap, 2.50-3.49 Katanggap-tanggap, 1.50-2.49 Di-Katanggap -tanggap, 1.00-1.49 Lubos na Di Katanggap-tanggap

Ang pangkatang pagtuturo ay lubos na sinang-ayunan ng mga mag-aaral na importanteng salik sa kolaboratibong dulog ng pagtuturo. Sa pananaliksik ni Whitley (2013) ay pinatunayang may kaugnayan ito sa nakitang pahayag sa itaas na nagkamit ng pinakamataas na mean na ang pangkatang pagtuturo ay nakatuon sa interaksyon sa pagitan ng mga kasapi ng bawat pangkat sa isa't-isa gayundin sa tumatayong namumuno sa bawat pangkat at ang peer environment ay daan upang makapagnilay ang mga mag-aaral sa kanilang mga karanasang pampagkatuto.

**Talahanayan 6**
*Antas ng Pagtanggap sa Parallel Achievement Division Batay sa Paglalahat*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| 1. Nakabuo ako ng konklusyon pagkatapos ng bawat aralin at mga isahan o maramihang pagsasanay. | 3.73 | 0.51 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 2. Nakapagbuod ako ng mga pangunahing ideya na may kaugnayan sa paksang tinalakay ng guro. | 3.68 | 0.57 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 3. Naunawaan ko ang mga aralin sa malalim na paraan. | 3.83 | 0.38 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 4. Nakabuo ako ng paglalahat na nakabatay sa tunay na buhay. | 3.73 | 0.45 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 5. Nakatugon ako sa mga katanungang may kaugnayan sa lipunan at nakasunod sa mga panuto. | 3.85 | 0.36 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 6. Nakatanggap ng pagkilala, papuri at premyo sa gawaing pagbibigay ng konklusyon at buod ng aralin. | 3.80 | 0.46 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 7. Ako ay nagkaroon ng tiwala sa sarili na tumindig mag-isa upang ipahayag ang sariling kaalaman matapos sumailalim sa gawaing ito. | 3.93 | 0.27 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 8. Nakapagbalik-tanaw ako sa mga mahahalagang puntos ng aralin at naiugnay ito sa layuning pampagkatuto at sa tunay na buhay. | 3.85 | 0.36 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| **Kabuuan** | 3.80 | 0.25 | ***Lubos na Katanggap-tanggap*** |

**Pananda**: 3.50-4.00 Lubos na Katangggap-tanggap, 2.50-3.49 Katanggap-tanggap, 1.50-2.49 Di-Katanggap -tanggap, 1.00-1.49 Lubos na Di Katanggap-tanggap

Mas mainam na sa bahaging ito ng proseso ng kolaboratibong dulog na ito ay nabatid ng mga mag-aaral ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili pagdating sa pagpapahayag ng mga bagay na natutuhan at mga karanasang nais iparinig sa tulong ng kanilang sarili mismo.

Kaugnay ang tiwala sa sarili na tumindig mag-isa upang ipahayag ang sariling kaalaman, iminungkahi sa pag-aaral nina Andrade at Ching (2020) na ang parallel achievement división ay maaaring gamitin sa mas

mahabang oras kaysa isang oras ng implementasyon nito at isa sa prosesong kabilang sa nasabing dulog ay ang paglalahat ng paksang tinalakay matapos makitang ang mga mag-aaral ay may kakayahan nang tumindig nang mag-isa para sa sarili nilang kaalaman sa pagkakataong sila ay sumailalim sa pangkatang gawain.

**Talahanayan 7**
*Antas ng Pagtanggap sa Parallel Achievement Division Batay sa Mga Pangwakas na Gawain*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| 1. Naihambing ko ang pagkakaiba at pagkakatulad ng sanaysay sa iba pang akda. | 3.88 | 0.33 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 2. Natutuhan ko ang kahalagahan ng paggamit ng simbolismo at matatalinhagang pananalita sa pagiging masining ng isang tula. | 3.83 | 0.38 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 3. Naipamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa binasang epiko. | 3.78 | 0.42 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 4. Nasusuri ang binasang kabanata ng nobela batay sa pananaw o teoryang angkop dito. | 3.78 | 0.42 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 5. Naipahayag ang emosyon at naibuod ko rin ang susing konsepto ng Aralin | 3.83 | 0.38 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 6. Ako ay nagkaroon ng makabuluhang karanasan mula sa paksang tinalakay at mga gawain at naihanda ako sa susunod na gagawing pagsasanay. | 3.80 | 0.41 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| 7. Nalinawan ang aking isipan hinggil sa paksang tinalakay. | 3.93 | 0.27 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| **Kabuuan** | 3.83 | 0.25 | ***Lubos na Katanggap-tanggap*** |

**Pananda**: 3.50-4.00 Lubos na Katangggap-tanggap, 2.50-3.49 Katanggap-tanggap, 1.50-2.49 Di-Katanggap -tanggap, 1.00-1.49 Lubos na Di Katanggap-tanggap

Napansin ng mga tagasagot na sa bandang panapos na gawain sa loob ng klase at pagkaraa'y sila ay nalinawan at may pagkatuto sa mga paksang tinalakay ay isang indikasyon na ginawa ng guro ay ginagabayan ang mga mag-aaral at ang buong klase.

Ayon sa pag-aaral ni Ganske (2017), idinagdag niyang sa pangwakas na gawain, ang guro ay kailangang maging maingat na hindi malingat sa pangwakas na gawain bilang ito ay ang pagkakataong mapagtitibay ang pagkatuto ng mga mag-aaral kaugnay ang kalinawan ng isipan nila sa paksang tinalakay.

**Talahanayan 8**
*Iskor sa Pauna at Panapos na Pagsusulit sa Pagpapayaman ng Talasalitaan Batay sa Denotasyon ng nasa Kontroladong Grupo ng mga tagasagot*

| Iskor | Pauna | | Panapos | | Deskripsyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % | |
| 17-20 | 1 | 2.5 | 16 | 40.0 | Napakahusay |
| 13-16 | 16 | 40.0 | 23 | 57.5 | Mahusay |
| 9-12 | 19 | 47.5 | 1 | 2.5 | May Katamtamang Husay |
| 5-8 | 4 | 10.0 | - | - | Di-Gaanong Mahusay |
| 0-4 | - | - | - | - | Nangangailangan pa ng Pagpapaunlad |
| **Kabuuan** | **40** | **100.0** | **40** | **100.0** | |

Mula sa mga datos na nailatag sa talahanayan ay nakitang mula sa sukat na "May Katamtamang Husay" ay umakyat sa interval na "Mahusay". Ang grupong ito ng mga tagasagot ay sumailalim sa lecture-method, hindi sa ginamit na kolaboratibong dulog sa pananaliksik na ito.

Marahil, sa usaping ito sa kabila ng kadahilanang hindi nakuha ang pinakamataas na deskripsyong "Napakahusay" ay ginawa naman ng mga mag-aaral ang kanilang makakaya upang ang kanilang kaalaman at kasanayan ay malinang.

Nang dahil sa resultang "Mahusay" na sumunod sa pinakamataas na sukat ay maiuugnay pa rin ito sa pananaliksik ni Ayala (2014) tungkol sa "Kakayahan sa Pagpapayaman ng Talasalitaan sa Pagbasa sa Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral na nasa Unang Antas ng Edukasyong Pangguro Pangkat ng Laguna State Polytechnic University, Sta Cruz Campus" na nagsasabing ang literal na kahulugan ng salita ay mahalaga

sa pag-unawa ng pagpapayaman ng talasalitaan.

**Talahanayan 9**

*Iskor sa Pauna at Panapos na Pagsusulit sa Pagpapayaman ng Talasalitaan Batay sa Konotasyon ng nasa Kontroladong Grupo ng mga tagasagot*

| Iskor | Pauna | | Panapos | | Deskripsyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % | |
| 13-15 | - | - | 2 | 5.0 | Napakahusay |
| 10-12 | - | - | 20 | 50.0 | Mahusay |
| 7-9 | 5 | 12.5 | 17 | 42.5 | May Katamtamang Husay |
| 4-6 | 30 | 75.0 | 1 | 2.5 | Di-Gaanong Mahusay |
| 0-3 | 5 | 12.5 | - | - | Nangangailangan pa ng Pagpapaunlad |
| **Total** | **40** | **100.0** | **40** | **100.0** | |

Naging mahusay ang mga mag-aaral sa pag-unawa at pagpapayaman ng talasalitaan kaugnay ang konotatibong pagpapakahulugan ng mga salita. Ang may iskor na 10 hanggang 12 ang mayroong pinakamataas na frequency at may katumbas namang 50% na nasa sukat na "Mahusay".

Kaugnay nito, mula sa nakitang resulta sa pag-aaral ni Bayanid (2022) sa konotasyong bahagi bilang isa sa kasanayan ng pagpapayaman ng talasalitaan ay limitado lamang ang nakakuha ng bilang ng mga mag-aaral na "Napakahusay" dito, kung kaya't sa kasalukuyang pag-aaral namang ito batay sa talahanayan sa itaas, nasa dalawampu (20) namang tagasagot ang nakakuha ng "Mahusay" na resulta na siyang malapit sa "Napakahusay".

**Talahanayan 10**

*Iskor sa Pauna at Panapos na Pagsusulit sa Pagpapayaman ng Talasalitaan Batay sa Idyomatikong Pagpapahayag ng nasa Kontroladong Grupo ng mga tagasagot*

| Iskor | Pauna | | Panapos | | Deskripsyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % | |
| 13-15 | - | - | 3 | 7.5 | Napakahusay |
| 10-12 | - | - | 24 | 60.0 | Mahusay |
| 7-9 | 4 | 10.0 | 13 | 32.5 | May Katamtamang Husay |
| 4-6 | 25 | 62.5 | - | - | Di-Gaanong Mahusay |
| 0-3 | 11 | 27.5 | - | - | Nangangailangan pa ng Pagpapaunlad |
| **Total** | **40** | **100.0** | **40** | **100.0** | |

Sa panapos na pagsusulit naman ay ang mga nakakuha ng iskor na 10 hanggang 12 ang nakakuha ng pinakamataas na *frequency* na 24 at mayroong *percentage* na 60.0 na ang sukat ay "Mahusay". Naging mahusay na ang mga mag-aaral na ito sa nasabing pagsusulit sapagkat malaki ang naitulong ng *lecture-method* na isinagawa ng guro sa grupong ito para sa lubusang pag-unawa sa pagpapakahulugang idyomatiko.

Kung kaya't sa pag-aaral ni Mohamed (2019), sinabi niyang ang idyomatikong pagpapahayag ay isa sa mga mahalagang salik sa lingguwistika na dapat lamang matutuhan ng mga mambabasa dahil ito ay ginagamit ng mga awtor sa pagsulat ng akda. Kung pagtukoy lamang sa literal na pagpapakahulugan ang alam ng mga tao, hindi nila mauunawaan kailanman ang malalim na pagpapahayag.

**Talahanayan 11**

*Iskor sa Pauna at Panapos na Pagsusulit sa Pagpapayaman ng Talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang dulog Batay sa Denotasyon ng nasa Eksperimental na Grupo ng mga tagasagot*

| | Pauna | | Panapos | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Iskor | F | % | F | % | Deskripsyon |
| 17-20 | - | - | 40 | 100.0 | Napakahusay |
| 13-16 | 12 | 30.0 | - | - | Mahusay |
| 9-12 | 22 | 55.0 | - | - | May Katamtamang Husay |
| 5-8 | 5 | 12.5 | - | - | Di-Gaanong Mahusay |
| 0-4 | 1 | 2.5 | - | - | Nangangailangan pa ng Pagpapaunlad |
| **Total** | **40** | **100.0** | **40** | **100.0** | |

Ang mga mag-aaral ay may katamtamanag husay, marahil dulot ng kanilang nakaimbak na kaalaman hinggil sa paksa na naging pundasyon ng kanilang pag-unawa sa pagpapayaman ng talasalitaan. Nangangahulugan din itong wala pang nalalaman ang mga mag-aaral sa paksang aralin kung kaya't sila ay nagkaroon ng kalituhan sa denotasyon para sa pagpapakahulugan ng mga salita.

Naitala sa pananaliksik ni Vidal (2022) na isa ang denotasyon sa kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan na natuklasang "Napakahusay" ang resulta pagkatapos gamitin ang *direct at indirect strategies* sa pagbasa kung kaya iminungkahi niyang gawin pang produktibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung kaya't sa kasalukuyang pag-aaral na ito, ang gurong mananaliksik ay natuklasang ang lahat ng kanyang tagasagot sa eksperimental na grupo ay nakakuha ng sukat na "Napakahusay" din.

**Talahanayan 12**
*Iskor sa Pauna at Panapos na Pagsusulit sa Pagpapayaman ng Talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang dulog Batay sa Konotasyon ng nasa Eksperimental na Grupo ng mga tagasagot*

| | Pauna | | Panapos | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Iskor | F | % | F | % | Deskripsyon |
| 13-15 | - | - | 35 | 87.5 | Napakahusay |
| 10-12 | - | - | 5 | 12.5 | Mahusay |
| 7-9 | 4 | 10.0 | - | - | May Katamtamang Husay |
| 4-6 | 30 | 75.0 | - | - | Di-Gaanong Mahusay |
| 0-3 | 6 | 15.0 | - | - | Nangangailangan pa ng Pagpapaunlad |
| **Total** | **40** | **100.0** | **40** | **100.0** | |

Pagdako naman sa panapos na pagsusulit ay makikitang 35 mula sa 40 na tagsagot ang nakakuha ng pinakamataas bahagdan na 87.5 na may notang "Napakahusay" at tanging 5 lamang ang nagkamit ng sukat na "Mahusay". Nangangahulugan itong 12.5 na porsiyento lamang mula sa 100 porsyento ng mga mag-aaral sa ekspeimental na grupo ang sinabing hindi umabot sa pinakamataas na deskripsyong "Napakahusay".

Hindi naman ito nagpapakita ng negatibong epekto sapagkat hindi naman naging limitado ang bilang ng tumaas ang iskor sa panapos na pagsusulit sa konotasyong bahagi. Kumpara sa pananaliksik muli ni Bayanid (2022) na nagsasabing sa konotasyong bahagi bilang isa sa kasanayan sa pagpapayaman ng bokaubularyo ay naging limitado lamang ang bilang ng mga mag-aaral na may resultang "Napakahusay" at 10%. Kung kaya't sa pag-aaral na ito ng gurong-mananaliksik ay lumampas pa sa nasabing bahagdan ang nakuhang resulta, iyon ay ang 87. 5% para sa interval scale na "Napakahusay".

**Talahanayan 13**
*Iskor sa Pauna at Panapos na Pagsusulit sa Pagpapayaman ng Talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang dulog Batay sa Idyomatikong Pagpapahayag ng nasa Eksperimental na Grupo ng mga tagasagot*

| | Pauna | | Panapos | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Iskor | F | % | f | % | Deskripsyon |
| 13-15 | - | - | 31 | 77.5 | Napakahusay |
| 10-12 | - | - | 9 | 22.5 | Mahusay |
| 7-9 | 5 | 12.5 | - | - | May Katamtamang Husay |
| 4-6 | 26 | 65.0 | - | - | Di-Gaanong Mahusay |
| 0-3 | 9 | 22.5 | - | - | Nangangailangan pa ng Pagpapaunlad |
| **Kabuuan** | **40** | **100.0** | **40** | **100.0** | |

Sa resultang 77.5 na bahagdan sa panapos na pagsusulit, mababatid na ang binaggit ni Boers (2013) sa kanyang pananaliksik na ang pagtuturo at pagkatuto ng idyoma ay importante lalo na at ang kakulangan ng kaalaman ay maaaring maging rason ng hindi birong problemang pang-unawa sa maraming konteksto kahit sa mga *clue* gayundin sa gamit ng idyoma ay hindi gaanong karaniwan.

**Talahanayan 14**

*Iskor sa Pagpapayaman ng Talasalitaan ng mga Tagasagot na nasa Kontroladong Grupo batay sa Pauna at Panapos na Pagsusulit*

| Pagpapalawak ng Talasalitaan | Pauna | | Panapos | | t | df | Sig. (2-tailed) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | SD | Mean | SD | | | |
| Denotatibo | 12.03 | 2.38 | 16.18 | 1.43 | 9.674 | 39 | .000 |
| Konotatibo | 4.93 | 1.49 | 9.93 | 1.77 | 16.344 | 39 | .000 |
| Idyomatikong Pagpapahayag | 4.35 | 1.49 | 10.20 | 1.99 | 20.495 | 39 | .000 |

Mataas ang kabuluhang pagkakaiba ng mga iskor sa pauna at panapos na pagsusulit sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga tagasagot sa kontroladong grupo. Sa naging resulta, maiuugnay ang pag-aaral na isinagawa ni Lazaro (2013) na pagmumungkahi upang mapaunlad ang antas ng kakayahan sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral, kailangang sila ay magkaroon ng sapat na kasanayan sa mga paksang araling may kaugnayan sa nasabing kasanayan.

**Talahanayan 15**

*Iskor sa Pagpapayaman ng Talasalitaan ng mga Tagasagot na nasa Eksperimental na Grupo batay sa Pauna at Panapos na Pagsusulit bago at pagkatapos gamitin ang dulog*

| Pagpapalawak ng Talasalitaan | Pauna | | Panapos | | t | df | Sig. (2-tailed) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | SD | Mean | SD | | | |
| Denotatibo | 10.95 | 2.53 | 19.00 | 0.82 | 21.061 | 39 | .000 |
| Konotatibo | 4.73 | 1.47 | 13.20 | 0.88 | 30.818 | 39 | .000 |
| Idyomatikong Pagpapahayag | 4.58 | 1.60 | 13.43 | 1.01 | 31.252 | 39 | .000 |

Mula sa ipinakitang resulta ng talahanayan ay mapapansing hindi sinuportahan ng hinuha ang naging bunga ng mga datos na "walang makabuluhang pagkakaiba ang iskor sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga tagasagot na nasa eksperimental na grupo batay sa pauna at panapos na pagsusulit bago at pagkatapos gamitin ang parallel achievement division bilang kolaboratibong dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan".

Sa lumabas na resulta, maiuugnay ang pananaliksik ni Valdez (2016) na nagpapahayag na sa pagtuturo ng talasalitaan ay kailangang bigyan ng tuon ang pagbibigay ng mga salitang hindi kilala ng mga mag-aaral upang lubusang maintindihan ang paksang-aralin lalong-lalo na ang mga akdang pampanitikan sapagkat dito kalimitang lumalabas ang mahirap unawaing mga salita.

**Talahanayan 16**

*Iskor sa Pagpapayaman ng Talasalitaan ng mga Tagasagot na nasa Kontrolado at Eksperimental na Grupo batay sa Paunang Pagsusulit*

| Pagpapalawak ng Talasalitaan | Kontrol | | Eksperimental | | T | df | Sig. (2-tailed) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | SD | Mean | SD | | | |
| Denotatibo | 12.03 | 2.38 | 10.95 | 2.53 | 1.957 | 78 | .054 |
| Konotatibo | 4.93 | 1.49 | 4.73 | 1.47 | .605 | 78 | .547 |
| Idyomatikong Pagpapahayag | 4.35 | 1.49 | 4.58 | 1.60 | -.650 | 78 | .518 |

Mas ideyal ngayon ang pagsasa-alang-alang sa isang seksyon o pangkat ng mag-aaral ang maging *heterogenous* ang klase upang lahat ay mapansin at mabigyan ng sapat na atensyon batay na rin sa pagsusulong ng *DepEd* sa ganitong uri ng klase upang maiwasan ang kompetisyon at maipanukala ang dibersidad ng mga mag-aaral na may iba't-ibang kakayahan.

Maiuugnay itong muli sa pag-aaral ni Boers (2013) na nagsasabing ang kaalaman sa idyoma ay hindi maaaring masadlak dahil magiging mitsa ito ng hindi birong suliraning pang-unawa sa maraming konteksto kahit sa mga clue gaynidn sa gamit nito na hindi gaanong karaniwan sa lahat dahil kumpara sa denotasyon at konotasyon, ang idyoma ang mas nagpapamalas ng imput na damdamin at lalim sa larangan ng pagpapayaman ng talasalitaan at akdang pampanitikan.

**Talahanayan 17**
*Iskor sa Pagpapayaman ng Talasalitaan ng mga Tagasagot na nasa Kontrolado at Eksperimental na Grupo batay sa Panapos na Pagsusulit*

| Pagpapalawak ng Talasalitaan | Kontrol | | Eksperimental | | T | df | Sig. (2-tailed) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | SD | Mean | SD | | | |
| Denotatibo | 16.18 | 1.43 | 19.00 | 0.82 | -10.849 | 78 | .000 |
| Konotatibo | 9.93 | 1.77 | 13.20 | 0.88 | -10.452 | 78 | .000 |
| Idyomatikong Pagpapahayag | 10.20 | 1.99 | 13.43 | 1.01 | -9.141 | 78 | .000 |

Marapat na magkaroon ng mas mataas na iskor ang nasa eksperimental na grupo sapagkat sila ang mga kasangkot na ginamitan ng kolaboratibong dulog sa pagtuturo ng akdang pampanitikan at pagpapayaman ng talasalitaan.

Kaugnay nito ay iniladhad sa pag-aaral ni Ayuso (2019) na sa paglinang ng Kasanayang 4C's sa Pagtuturo ng Panitikan sa Filipino 10 na nakabatay sa DepEd Order No. 42 s. 2016, isa sa mga C's na iyon ang kolaborasyon, manapa'y ang aralin tungkol sa pagpapayaman ng talasalitaan ay kabilang sa inihanay na pamaraan sa pagtuturo ng ansabing asignatura.

***Konklusyon -*** Ipinakikita ng pananaliksik na sapat ang paggamit ng sinusunod na proseso sa nasabing dulog upang gamitin sa pagtuturo ng akdang pampanitikan na may malaking ambag sa pagpapayaman ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Nakatulong ang isinagawang *lecture-method* ng guro upang ang iskor sa paunang pagsusulit ay tumaas pagdating sa panapos na pagsusulit ng kontroladong grupo ng mga tagasagot. Tunay na sa umpisa ay wala pang matibay na kaalaman o nababatid ang mga mag-aaral hinggil sa paksang aralin.

## 4. Referensiya


Andrade, Rose R. & Ching, Delon A., (2020). Parallel Achievement Division as Collaborative Learning Approach for Improved Mathematical Thinking Skills and Engagement of College Students. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research. Vol. 8 No.3, 96-106*

Ayala, E. A. (2014). "Kakayahan sa Pagpapayaman ng Talasalitaan sa Pagbasa sa Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral na nasa Unang Antas ng Edukasyong Pangguro Pangkat D ng Laguna State Polytechnic University", Sta. Cruz Campus.

Ayuso, Mark John A., (2019). "Paglinang ng Kasanayang 4C's sa Pagtuturo ng Panitikan sa Filipino 10". Sacred Heart College, Lucena City.

Bayanid, Kier Patrick M. (2022). "Leksikal na Varayti ng Tagalog-Alaminos at Kasanayan sa Pagpapayaman ng Talasalitaan". Laguna State Polytechnic University San Pablo City Campus, San Pablo City, Laguna.

Boers, Frank (2013). "Cognitive linguistic approaches to teaching vocabulary: *Assessment and integration. Language Teaching*", 46 (02), 208-224

Deng, Xiaotie, Li, Ningyuan,Li, Weian & Qi, Qi. (2022). "Competition among Parallel Contests. Cornell University". arXiv: 2210.06866

DepEd Memorandum No. 117 s. 2013. "Pandibisyong Patimpalak sa Buwan ng Wikang Pambansa 2013". DEPED SDO BAGUIO CITY.

Dianggal, Shaira. (2017). "Deskriptib at Eksperimental na Pananaliksik". 2022 Prezi Inc.

Ganske, Kathy. (2017). "Lesson Closure: An Important Piece of Student Learning Puzzle". International Literacy and Association.

Garcia, Ma. Maudie Arah O. (2018). "3P'S Batayang Estratehiya sa Pagpapataas ng Antas sa Kakayahan sa Pagbasa at Komprehensyon ng mga Mag-aaral sa Filipino 7". Division of Oriental Mindoro. Aurora National High School.

https://www.philippinesbasiceducation.us/2015/12/learner-centered education.html#:~:text=What%20it%20requires%20is%20that,be%20made%20inside%20the%20classroom.

Lazaro, Karl. (2013). "Ang Antas ng Kakayahan sa Pagpapayaman ng Talasalitaan sa Pagbasa sa Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral na nasa Unang Antas ng Edukasyong Pangguro Pangkat D ng Laguna

State Polytechnic University-Santa Cruz Campus Panuruang Taon 2012-2013". Santa Cruz Laguna. Laguna State Polytechnic University, Main Campus.

Manalus, Meliza D. (2021). "Kahalagahan ng Apat na Makrong Kasanayan sa Pagkatuto ng Wika at Panitikang Pilipino sa Panahon ng Pandemya". La Consolacion University, Philippines. ResearchGate.

Mohamed, Emad & Moze, Sara. (2019). "Profiling idioms: a sociolexical approach to the study of phraseological patterns". Lecture Notes in Artificial Intelligence. Springer. 10.1007/978-3-030-30135-4_23.

Regional Memorandum no. 11 s. 2015. "Republic Act 10533 ENHANCED Basic Education Curriculum".

San Juan, David Michael M., De Laza, Crisel S., Gonzales, Abegail L., Martinez, E., Llorando, L., Cuchapin, J., Caja, C. & Carada, Imelda G., (2019). *"Sangandaan: Filipino sa Iba't-ibang Disiplina"*. 105 Engineering Road, Araneta University Village, portero, Malabon City. Mutya Publishing House, Inc.

Simkus, Julia. (2023). "Cluster Sampling: Definition, Method and Examples". Simply Psychology. https://www.simplypsychology.org/cluster- sampling.html

Valdez, Emilita G. (2016). "Pagpapalawak ng Talasalitaan sa pamamagitan ng Association of Word Network sa mga Mag-aaral ng Grade 9-Sampaguita, SY-2015-2016 ng Dili National High School".

Vidal, Lenny C. (2022). "Direct at Indorect na Estratehiya sa Pagbasa at Pagpapayaman ng Talasalitaan". Laguna State Polytechnic University San Pablo City Campus, San Pablo City, Laguna.

Whitley, Sally. (2013). "Group coaching as support for changing lifestyle for those diagnosed with a long-term condition". *International Journal of Evidence Based Coaching and Mentoring (Special Issue 7), 82-89*